# Umiiral at Pinaplanong mga Hakbang sa Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi

## Kagawaran ng Panlipunang Kagalingan

Matatamasa ng lahat ng mga nangangailangan na residente ng Hong Kong, anuman ang kanilang pagkamamamayan o lahi, ang pantay na access sa mga serbisyo sa panlipunang kagalingan hangga't tumutugon sila sa pamantayan sa pagiging kuwalipikado.

Ibinalangkas sa ibaba ang mga hakbang na ginawa/gagawin ng Kagawaran ng Panlipunang Kagalingan (Social Welfare Department, SWD) upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng mga lahi at ang probisyon sa pantay na access sa mga serbisyo sa panlipunang kagalingan.

### A. Mga hakbang na nagpapahintulot sa mga tao mula sa iba't ibang lahi na magkaroon ng pantay na access sa mga kaugnay na serbisyo sa kagalingan

**Kaugnay na Serbisyo**

- Nagpapatupad ang SWD ng mga hakbang na nagbibigay daan sa mga mula sa iba't ibang lahi na magkaroon ng pantay na access sa kaugnay na serbisyo sa panlipunang kagalingan, at protektahan ang personal na datos ng mga taong mula sa iba't ibang lahi na gumagamit ng mga serbisyo sa panlipunang kagalingan.

**Umiiral na Hakbang**

<u>Sanggunian sa mga estadistika at impormasyon sa mga taong mula sa iba't ibang lahi</u>

- Sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga serbisyo ng kagalingan, sumangguni ang SWD sa mga estadistika at impormasyon sa mga minoryang etniko na mahahanap sa iba't ibang sanggunian kasama na ang Departamento ng Sensus at Estadistika (Census and Statistics Department), ibang departamento sa pamahalaan at mga organisasyong hindi nauugnay sa pamahalaan (non-governmental organization,NGO), at nagsimulang magtipon ng mga

estadistikal na pigura sa paggamit ng serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon ng iba't ibang yunit mula Enero 2019 upang mas maunawaaan ang panlipunang pangangailangan ng mga mula sa iba't ibang lahi.

Polyeto ng serbisyo sa wika ng iba't ibang mga lahi

- Available ang mga polyeto ng mga pangunahing serbisyo sa Chinese, Ingles, at walong iba pang wika[1]. Inilagay ito sa mga yunit ng serbisyo at / o in-upload sa Homepage ng SWD para sa madaling ma-aaceat pagsangguni.

Homepage ng SWD

- Ang SWD ay gumawa ng shortcut icon sa "Impormasyon para sa mga mula sa iba't ibang lahi" sa homepage ng SWD upang magkaroon ng madaling akses sa mga kaugnay na impormasyon sa serbisyo sa mga wika ng iba't ibang lahi ng mga taong may ibang lahi, publiko, mga kawani ng SWD at mga NGO.

Serbisyo sa interpretasyon

- Aayusin ng SWD ang serbisyo ng interpretasyon kung naaayon kapag nagbibigay ng serbisyo sa panlipunang kagalingan para sa mga mula sa iba't ibang lahi. Maaaring gamitin ng mga kawani ang serbisyo ng interpretasyon para sa mga etnikong minorya mula sa iba't ibang pinagmulan, tulad ng serbisyo sa interpretasyon sa korte, Hospital Authority, ng Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents (CHEER) sa ilalim ng Hong Kong Christian Service na nagbibigay ng serbisyo sa interpretasyon mula sa pagpopondo ng Home Affairs Department, at ibang NGO, atbp.

Mga Pasilidad ng Web-cam

- Kung kinakailangan, naglagay ng mga pasilidad ng web-cam ang SWD sa sampung yunit ng serbisyo para sa pagsasagawa ng tripartite video conferencing ng mga gumagamit ng serbisyo, social worker (kasama na ang mga yunit sa departamento at mga Integrated Family Service Centres /

[1] Ang walong iba pang wika ay Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese.

Integrated Services Centres na pinangangasiwaan ng mga NGO) / kawani sa social security.

<u>Access sa agarang serbisyo sa interpretasyon para sa mga tumatawag na mula sa iba’t ibang lahi na may katanungan sa SWD Hotline</u>

- Binibigyan ng SWD Hotline <2343 2255> ng agarang access ang mga tumatawag na mula iba’t ibang lahi sa serbisyo sa interpretasyon sa telepono sa walong komon karaniwang wika ng iba’t ibang lahi upang mapangasiwaan ang kanilang tanong sa serbisyo sa kagalingan.

<u>Mga dapat tandaan sa pagbibigay ng serbisyo ng kagalingan para sa mga etnikong minorya</u>

- Nag-isyu ang SWD ng “Mga dapat tandaan sa pagbibigay ng serbisyo ng kagalingan para sa mga etnikong minorya” (Dapat tandaan) sa mga social worker / kawani ng social security ng mga yunit ng departamento, social worker ng Integrated Family Service Centres / Integrated Services Centres at serbisyo sa mga kabataan na pinatatakbo ng mga NGO upang makapagbigay ng sanggunian para sa mga yunit ng serbisyo sa paglilingkod sa mga grupo ng makakaibang lahi. Kasama rito ang mga gawaing pangkultura ng iba’t ibang lahi at mga paraan upang magsaayos ng nararapat na serbisyo ng interpretasyon at pagsasalin, atbp. Binigyan din ng SWD ang mga yunit ng serbisyo ng isang pinaiksing bersyon ng Dapat Tandaan, mga protokol at mga Ingles na iskrip sa pamamahala ng mga drop-in / tanong sa telepono mula sa mga tao mula sa iba’t ibang mga lahi bilang sanggunian ng mga kawani na nagbabantay sa mesa at empleyado na tatanggap.

<u>Abiso sa “Tulong at Serbisyo sa Interpretasyon para sa mga Etnikong Minorya”</u>

- Upang mapahusay ang kaalaman ng mga mula sa iba't ibang lahi tungkol sa mga lugar sa pagkuha ng tulong sa kagalingan at maging serbisyo sa interpretasyon sa telepono, nagpaskil sa mga lugar ng pagtanggap ang mga yunit ng serbisyo ng SWD ng isang abiso sa “Tulong at Serbisyo sa Interpretasyon para sa mga Etnikong Minorya”, na isinalin sa mga wika ng iba’t ibang lahi.

- Karagdagan pa, bibigyan ang mga tao mula sa iba't ibang lahi ng kopya ng nasabing abiso kapag nagpunta sila para sa mga tanong / serbisyo. Makikita rin ang impormasyon sa Homepage ng SWD.

Patakaran sa walang diskriminasyon sa pagpasok sa mga access sa serbisyo sa panlipunang kagalingan

- Dapat sumunod ang mga yunit ng serbisyo ng SWD, mga yunit ng serbisyo na sinusuportahan mga NGO at nakakontratang operator ng serbisyo sa mga nauugnay na kasunduan at kontrata sa serbisyo upang siguraduhin na may malinaw at tumpak na impormasyon ang mga gumagamit ng serbisyo kung paano makakapasok at makakaalis sa serbisyo, at dapat walang diskriminasyon ang patakaran sa pagpasok.

Proteksyon ng personal na datos

- Available ang Personal Information Collection Statement sa Ingles, Chinese, at walong iba pang wika[2], upang maunawaan ng mga may magkakaibang lahi ang layunin kung bakit kinukuha ng kawani ng SWD ang kanilang personal na datos kapag humiling sila ng serbisyo / tulong, at maging ang kanilang karapatan na ma-access at itama ang kanilang personal na datos ayon sa Personal Data (Privacy) Ordinance.

[2] Ang walong iba pang wika ay Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese.

Mga serbisyong espesyal na dinisenyo para matugunan ang mga kailangan ng mga mula sa iba't ibang lahi

- Aktibong nakikipag-ugnayan ang Team para sa Pakikipag-ugnayan sa mga Etnikong Minorya sa mga mula sa iba't ibang lahi at kinokonekta ang mga may kailangan ng pangunahing serbisyong kagalingan.

- Mga programa sa edukasyon ng komunidad upang itaguyod ang kamalayan ng mga mula sa iba't ibang lahi sa karahasan sa tahanan at sekswal na karahasan at hikayatin ang mga biktima na humingi ng tulong.

- Pagbibigay ng subsidiya para sa mga espesyal na child care centre at sentro para maagang edukasyon at pagsasanay na tumatanggap ng mga anak ng mga etnikong minorya na may ispesyal na pangangailangan upang makapagbigay ng mas mahusay na suporta para sa mga bata na mapangasiwaan ang kanilang pagsasanay, komunikasyon sa kanilang mga magulang/tagapangalaga at/o pagbibigay ng suportang panlipunan para sa mga pamilya.

- Pagbuo mga espesyal na yunit ng mga mula sa iba't ibang lahi sa limang resource center ng mga magulang/kamag-anak para sa mga taong may kapansanan na matatagpuan sa mga distrito na may mas maraming populasyon ng magkakaibang lahi upang mapalakas ang suporta ng komunidad sa mga mula sa iba't ibang lahi na may kapansanan.

**Pagtatasa ng Hinaharap na Trabaho**

Mga polyeto ng serbisyo sa mga wika ng iba't ibang lahi

- Magpapatuloy ang SWD na regular na magtipon ng mga feedback sa mga polyeto ng serbisyo mula sa mga kawani at gumagamit ng serbisyo.

Homepage ng SWD

- Magpapatuloy ang SWD na regular na magtipon ng mga feedback sa Homepage ng SWD mula mga kawani at gumagamit ng serbisyo.

Patakaran sa walang diskriminasyon na pagpasok sa access sa mga serbisyo ng panlipunang kagalingan

- Susubaybayan ng mga yunit ng serbisyo ng SWD, mga yunit ng serbisyo na sinusuportahan mga NGO at nakakontratang operator ng serbisyo ang kanilang pagtugon sa patakaran sa walang diskriminasyon na pagpasok na binanggit sa itaas sa pamamagitan ng patuloy na pagtatasa.

(Mga) Nagpapahiwatig ng pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi

- Patuloy na itataguyod ng SWD ang pagkakapantay-pantay ng lahi at isang paraan ay ang regular na pagsubaybay sa (mga) antas ng tagumpay para sa mga itinagtag na (mga) nagpapahiwatig at pagrebyu ng pagiging epektibo nito.

**Karagdang Hakbang na Isasagawa**

- Ipagpapatuloy ng SWD ang–
  - pagsasalin ng mas maraming polyeto sa serbisyo upang masaklaw ang mga pangunahing serbisyo ng kagalingan at i-upload ito sa Homepage ng SWD kung naaayon;
  - pag-update sa impormasyon ng serbisyo at mga polyeto sa mga wika ng iba't ibang lahi kung kinakailangan; at
  - paggawa ng mga bagong polyeto ng serbisyo sa mga wika ng iba't ibang lahi at i-upload ito sa Homepageng SWD kung kinakailangan.

Mga serbisyong espesyal na idinisenyo para matugunan ang mga kailangan ng mga mula sa iba’t ibang lahi

Ang SWD ay magpapatuloy na magbigay ng mga serbisyo upang mas lubusang matugunan ang kailangan ng mga mula sa iba’t ibang lahi, halimbawa, Pilot Scheme sa EM District Ambassador.

## B. Pagsasanay para sa mga kawani ng SWD, mga NGO at nakakontratang yunit ng serbisyo

**Mga Kaugnay na Serbisyo**

- Upang mapahusay ang kamalayan, pag-unawa at sensibilidad tungkol sa pagkakapantay-pantay ng lahi ng mga kawani ng SWD / NGO / nakakontratang yunit ng serbisyo.

**Mga Umiiral na Hakbang**

- Ipagpapatuloy ng SWD ang–

  - pagsasaayos ng pagsasanay sa Race Discrimination Ordinance (RDO) at mga kaugnay na gabay para sa mga kawani ng SWD;

  - pag-upload ng mga kaugnay na gabay sa Intranet ng SWD bilang sanggunian ng kawani at ang mga materyal sa pagsasanay sa e-Learning Centre para madaling ma-access ng kawani ng SWD at mga NGO;

  - pagsasagawa ng mga programang pagsasanay para sa mga kawani ng SWD, NGO at mga nakakontratang yunit ng serbisyo upang mapahusay ang kanilang kaalaman at sensibilidad sa kultura, pamumuhay at kailangang serbisyo ng mga mula sa iba't ibang lahi;

  - paghikayat sa mga kawani ng SWD na dumalo sa mga kursong pagsasanay sa RDO at mga kaugnay na gabay na inorganisa ng Civil Service Training and Development Institute, Equal Opportunities Commission o mga kaugnay na institusyon.

**Pagtatasa ng Hinaharap ng Trabaho**

- Ipagpapatuloy ng SWD ang–

  - pagtipon at pagsuri ng datos sa bilang ng mga kaugnay na gawaing pagsasanay na ginagawa kada taon, at maging ang bilang at marka ng mga kalahok;

  - pagkolekta ng mga feedback mula sa mga kalahok ng isinagawang gawaing pagsasanay; at

  - paghingi ng mga mungkahi mula sa mga kawani kung anong mga programang pagsasanay ang dapat ialok.

**Katanungan ng Publiko**

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at pinaplanong hakbang sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lahi, makipag-ugnayan sa mga opisyal sa mga sumusunod na paraan,

1) Bb. Carol SHEK, Social Work Officer (Corporate Co-ordination) ng Corporate Planning and Co-ordination Section

| | | |
|---|---|---|
| Telepono | : | 2152 9305 |
| Fax | : | 2116 9070 |
| Email | : | cpcsenq@swd.gov.hk |
| Postal Address | : | 8/F, Wu Chung House, 213 Queen's Road East, Wan Chai, Hong Kong |

2) Bb. Cathy TANG, Social Work Officer (Family) 6 ng Family Services Section

| | | |
|---|---|---|
| Telepono | : | 2892 5179 |
| Fax | : | 2833 5840 |
| Email | : | fcwenq@swd.gov.hk |
| Postal Address | : | 8/F, Wu Chung House, 213 Queen's Road East, Wan Chai, Hong Kong |

**Kagawaran ng Panlipunang Kagalingan**
**Mayo 2023**